**MENSAHE**



Matagumpay na pagbati sa mga magsisipagtapos sa Taong Panuruan 2025-2026 na may temang **Pilipinong handang Mamuno nang may Kakayahan at Mabuting Pagkatao.**

Sa araw na ito, ating ipinagdiriwang ang isang mahalagang yugto sa inyong buhay - ang Pagtatapos sa Elementarya.

Ang katibayan o sertipiko na inyong tatanggapin ay simbolo ng inyong talion at nagpapatunay na nalinang ang inyong kakayahan sa mga kasanayang naaayon sa kurikulum ng Kagawaran ng Educakasyon. Nawa'y ang inyong patuloy na pag-aaral nang mabuti, pagsunod sa magulang at wastong disiplina at pag-uugali ang maging pundasyon ng inyong pagkatao upang sa hinaharap ay maging karangalan kayo ng ating bayang minamahal.

Dalhin ninyo ang mga positibong aral at gawi, kababaang loob, pananalig sa Diyos at pagmamalasakit sa kapwa saan man kayo magpunta. Anuman ang inyong pangarap sa buhay — maging isang guro, doktor, inhenyero, accountant, pulis, abogado at iba pa, maging kaagapay kayo ng inyong pamayanan sa pag-angat ng kalidad ng pamumuhay. Sa pagtutulungan, sama-sama nating patunayan ang sinabi ni Dr. Jose Rizal na "***ang kabataan ang pag-asa ng bayan***" -- tungo sa isang globalisado at inobatibong pamayanan.

Tandaan ninyo, ang araw na ito ay hindi lamang pagtatapos, kundi simula ng isang panibagong kabanata sa inyong buhay. Isang mundong puno ng hamon, ngunit puno rin ng walang-hanggang pagkakataon. Kayo ang kailangan ng Bagong Pilipinas - - - ***mga bagong lider na magtutulak ng positibong pagbabago sa ating pinakamamahal na bansa.***

Sa ating mga ***magulang***, maraming salamat sa inyong walang sawang pagmamahal at pagtuturo kung paano magiging mabuting tao.

Sa ating mga ***guro***, ang aming taos-pusong pasasalamat. Kayo ang gumabay sa ating mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay. Sa inyong dedikasyon, at pagtitiyaga, hinubog ninyo ang kanilang puso at isipan. Kayo ang tunay na bayani ng edukasyon.

Sa ating mga ***stakeholders***, sa inyong walang sawang suporta at pakikipagtulungan, kayo ay katuwang namin sa paghubog ng kinabukasan ng ating mga kabataan. Ang inyong ambag ay nagbibigay inspirasyon sa amin upang patuloy na pagbutihin ang aming serbisyo publiko.

Ngunit huwag nating kalimutan na kaakibat ng pagtatapos na ito ay isang malaking hamon. Hinaharap ninyo ang isang mundong mabilis magbago, isang mundong nangangailangan ng inyong talino, kakayahan at mabuting pag-uugali. Maging aktibo, mapanuri at huwag tumigil sa pagtuklas ng karunungan.

Mabuhay ang mga Nagsipagtapos na may Mabuting Pagkatao!

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan